Gusto mo bang Maintindihan ito lahat?

GameSense
Want to make sense of it all [Filipino]

bclc
playing it right

Ang Iyong Centre

Ang mga GameSense Info Centre ay mga madaling puntahang kiosk kung saan ka makakahanap ng iba't-ibang resources at mga iminumungkahing istratehiya na balak gawing mas ligtas ang pagsusugal at panatilihin itong masaya. Ang mga Centre ay mahahanap sa lahat ng mga casino at mga community gaming centres sa buong British Columbia.

Depende sa kung aling gaming na lugar ang iyong pupuntahan, maaaring lubos na interactive ang mga GameSense Info Centre at mahahanap mo ang impormasyon o may madaling lapitan na mga Tagapayo sa GameSense na magpapatnubay sa iyo sa maraming resources na magagamit.

Ang Mga Serbisyo Para sa Iyo

Ang magsugal ay personal na desisyon. Ang GameSense ay tungkol sa pagdedesiyon nang may kaalaman. Ang lahat ng dapat mong malaman tungkol sa: kung paano maglaro, kung ano ang mga probabilidad na manalo at matalo, ang pagiging pasumala at ang house advantage ay makukuha sa mga Centre. Mayroon ding impormasyon tungkol sa mga risk na may kinalaman sa pagsusugal at ang mga libre at serbisyong kompidensiyal na makukuha kung hindi na nagbibigay-kasiyahan ang pagsusugal.

Ang GameSense Info Centres ay may iba-ibang interactive learning tools:

- Suriin ang iyong kaalaman sa touch screen terminal
- Alamin kung paano gumagana ang isang slot machine
- Tingnan ang ilang mga specialized web site
- o kumuha lamang ng isang polyeto na nagbibigay impormasyon

Ang Iyong Patnubay

Ang mga GameSense Info Centre na nasa mga casino ay tinatauhan ng mga Tagapayo ng GameSense, mga propesyonal na may training sa mga gagawin upang panatilihing ligtas at masaya ang pagsusugal.

- Mayroon ka bang tanong tungkol sa mga probabilidad na manalo sa iyong paboritong laro?
- Iniisip mo ba kung maaari mo talagang maapektohan ang iyong mga tsansa na manalo kapag may anting-anting?

Sasagutin ng Mga Tagapayo ng GameSense ang anumang katanungan sa mga karaniwang maling paniniwala tungkol sa pagsusugal at iba pang mga kaugnay na paksâ.

Mahusay rin silang tumugon sa mga customer na nagkakaproblema sa pagsusugal at nagbibigay sila ng mga referral sa mga libreng propesyonal na counselling o impormasyon tungkol sa self-exclusion program ng BCLC.

Ang Iyong Kaalaman

Kapag mas marami kang nalalaman, mas mapapanatili mo itong masaya. Ito ang dahilan kung bakit maigi ang bumisita sa isang GameSense Info Centre.

Makakahanap ka doon ng impormasyon tungkol sa:

- Mga paraan upang manatiling masaya ang pagsusugal
- Mga posibilidad na manalo at matalo
- Paano gumagana ang mga laro
- Konsepto ng pagiging ala-suwerte
- House advantage
- Mga hindi katotohanang katha na may kinalaman sa pagsusugal
- Suporta at referral para sa problema sa pagsusugal

Para sa karagdagang impormasyon...

engage your GameSense.ca